

Ano ang accreditation?

Ang accreditation ay isang prosesong nagpapakitang natugunan ng isang provider (tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan) ang mga pamantayan para sa kalidad ng mga serbisyo nito.

Itinatakda ng CARF International* ang mga pamantayang ito upang gabayan ang mga provider sa pagbibigay ng mga serbisyo at gumagamit din ito ng mga pamantayan sa pagsusuri kung gaano kahusay ang provider sa paglilingkod sa mga tao at kung paano ito mapapabuti.

Ang ang survey ng CARF?

Bilang isang hakbang tungo sa accreditation, ang isang provider ay mag-iimbita sa CARF International upang magpadala ng isang pangkat ng mga propesyonal na tinatawag na mga surveyor, upang bisitahin ang lugar nito at suriin ang mga serbisyo niyo para sa kalidad. Makikipagsangguni ang mga surveyor sa mga miyembro ng staff at makikipanayam sa mga taong gumagamit sa mga serbisyo ng provider. Batay sa pag-aaral ng mga surveyor, maaaring magawaran ng CARF accreditation ang provider ng isa o tatlong taon. Sa ilang mga pagkakataon, maaaring kailanganin ng provider na pagbutihin ang mga serbisyo nito bago ito maging accredited.

Ano ang inyong gagawin kung kayo ay mayroong reklamo?

Bago maging accredited, dapat ipakita ng isang provider na ito ay nakatuon sa pagpapabuti ng kalidad sa mga pinakamahusay na posibleng kalalabasan ng mga serbisyo nito, at kasiyahan ng kostumer.

Ngunit, kahit ang mga pinakamahusay na provider ay tumatanggap ng reklamo paminsan-minsan. Kung kayo ay mayroong ikinakabahala tungkol sa mga serbisyong inyong tinatanggap, maaari ninyong gawin ang ilang hakbang.

Una, ipaalam sa isang miyembro ng staff ang tungkol sa inyong ikinakabahala at itanong kung sino ang makakatulong sa inyong malutas ito. Ang provider na ito ay mangangakong magsusumikap upang malutas ang mga ikinakabahala tungkol sa mga serbisyo nito.

Pagkatapos, kung hindi ninyo agad malulutas ang ikinakabahala, hilingin sa miyembro ng staff na ipaalam sa inyo kung paano gagamitin ang proseso ng pagsasampa ng reklamo. Ang mga provider na accredited ng CARF ay dapat na magkaroon ng pamamaraan sa pagsasampa ng reklamo para sa mga taong pinaglilingkuran nito at sa mga miyembro ng staff nito.

Bilang panghuli, kung sa tingin ninyo ay hindi nalutas ang inyong ikinakabahala sa pamamagitan ng proseso ng pagsasampa ng reklamo, maaari ninyong naising makipag-ugnay sa ahensya ng Protection and Advocacy (Proteksyon at Pagtataguyod) sa inyong estado, probinsya, o teritoryo. Maaari rin kayong makipag-ugnay sa pampamahalaang ahensyang responsable sa paglilisensya ng provider upang pagpatakbo.

Ang CARF ay walang kaugnayan sa o responsable sa pangangasiwa, mga ikinikilos, personnel, ari-arian, o mga gawain ng mga provider na may nga accredited na serbisyo.

*Ang *CARF International, isang grupo ng mga kumpanyang kinabibilangan ng CARF Canada at CARF Europe, ay isang malayang, nonprofit na accreditor ng mga serbisyong pangkalusugan at pantao. Itinatag noong 1966 bilang Commission on Accreditation for Rehabilitation Facilities (Komisyon sa Accreditation para sa mga Pasilidad na Nagkakaloob ng Rehabilitasyon), ang lupon na nagbibigay ng accreditation ay kilala na ngayon bilang CARF.*